



LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

1. **Aplikasyon ng Patakarang.** Ang Patakarang ito sa Residensyal na Serbisyo ng Tubig ("Patakarang") ay ilalapat sa lahat ng account ng Lungsod sa mga residensyal na serbisyo ng tubig at iba pang mga serbisyo na nakalagay sa bill ng serbisyo ng tubig. Maliban na lang kung nakahayag sa Seksyon 6, ang Patakarang ito ay hindi ilalapat sa anumang account na hindi serbisyong pang-residensyal. Sa lawak na ang Patakarang ito ay salungat sa ibang mga panuntunan, regulasyon, o patakarang ng Lungsod (maliban lamang sa mga ordinansa), ang Patakarang ito ang mangingibabaw.

2. **Impormasyon para sa Pakikipag-ugnay.** Kung may mga katanungan o kailangan ng tulong tungkol sa inyong bill sa tubig, ang Customer Service staff ng Lungsod ay maaaring tawagan sa (714) 593-4420. Maaari ding pumunta ang mga customer sa Customer Service desk sa City Hall sa oras ng trabaho. Ang City Hall ay nasa 10200 Slater Avenue.

3. **Pamamaraan sa Billing.** Ang singil sa serbisyo ng tubig ay dapat bayaran sa Lungsod kada-dalawang buwan. Lahat ng bills ay nakatakda at dapat bayaran pangkatanggap nito. Ang bills na hindi binayaran sa nakatakdang petsa na nakalagay sa bill ay ituturing na delingkuwente. Ang bill ng tubig ay ituturing na delingkuwente kapag hindi ito nabayaran sa water billing department, o ng personal o sa pamamagitan ng koreo, ng 5 p.m. sa o bago sa ika-dalawampung araw pagkatapos ipadala ang bill sa kustomer sa pamamagitan ng koreo. Kung ang ika-dalawampung araw ay pumatak sa Sabado, Linggo o pista opisyal, ang bill ay ituturing na delingkuwente paglampas ng 5 p.m. sa susunod na araw ng trabaho. Bilang multa, ang mga customer na hindi nagbayad ng kanilang water bill sa loob ng itinakdang panahon ay sisingilin ng multa na 7% late charge o \$10.00, kung ano ang mas mahigit.

4. **Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang bill ay delingkuwente ng hindi kukulangin sa animnapung (60) araw, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa address ng serbisyo at magpataw ng singil sa pagputol ng serbisyo (disconnection service fee).

4.1 **Nakasulat na Paunawa sa Kustomer.** Ang Lungsod ay magpapadala sa koreo ng nakasulat na paunawa sa customer ng hindi kukulangin sa dalawampung (20) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig. Ang paunawa ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng kustomer;
- (b) halaga ng delingkuwensya;
- (c) ang petsa kung kailan dapat bayaran o makipag-ayos sa pagbabayad para maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan kung paano magsimula ng karaingan ang kustomer o humiling ng imbestigasyon o apela tungkol sa serbisyo o mga singil;
- (e) paglalarawan ng paraan kung paano maaaring humiling ang kustomer ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad, na maaaring may kasamang ekstensyon, amortization, o alternatibong kasunduan sa pagbabayad;

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY

PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

- (f) ang pamamaraan kung paano makakakuha ng impormasyon ang kostumer tungkol sa tulong na pinansyal, kung naaangkop; at
- (g) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kustomer ng kasunduaan sa pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.2 Nakasulat na Paunawa sa mga Nakatira o Nangungupahan.

(a) Magpapadala din ang Lungsod ng paunawa sa mga nakatira sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa dalawampung (20) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari: (1) ang Lungsod ay naglagay ng metro sa bawat isang single-family dwelling, multi-unit residential structure, mobile home park, o farm labor camp at ang may-ari, manager o tagapamahala ay ang kustomer na nakatala, at ang naturang kustomer manager, o tagapamahala ay hindi nakatira sa service address; o (2) ang mailing address ng kustomer na nakatala ay naiiba sa service address. Ang paunawa ay ipadadala sa "Occupant," at maglalaman ng impormasyon na nakahayag sa Seksyon 4.1 sa itaas ng dokumentong ito, at ipapalam sa mga residensyal na nakatira na mayroon silang karapatan na maging kustomer ng Lungsod na hindi kinakailangang pagbayarin ng singil sa delinkuwenteng account. Ang mga termino at kondisyon para sa mga nakatira upang maging kustomer ay nakahayag sa Seksyon 9 sa ibaba ng dokumentong ito.

(b) Kung nagbibigay ng tubig ang Lungsod sa pamamagitan ng master meter sa isang multi-unit residential structure, mobile home park, o permanenteng gusaling residensyal sa labor camp at ang may-ari, manager, o tagapamahala ay ang kustomer na nakatala, magsisikap ang Lungsod na ipalam sa mga nakatira, sa pamamagitan ng pagpaskil ng paunawa sa pinto ng bawat isang residensyal na yunit ng hindi bababa sa dalawampung (20) araw bago putulin ang serbisyo, na ang account ay atrasado sa pagbabayad at ang serbisyo ay puputulin sa petsang nakalagay sa paunawa. Kung hindi makatwiran o praktikal na ipaskil sa pinto ng bawat isang yunit ang paunawa, ang Lungsod ay magpapaskil ng dalawang (2) kopya ng paunawa sa bawat isang common area na malalapitan at bawat isang daan na mapapasukan sa gusali o mga gusali. Ang paunawa ay magpalam sa mga residensyal na occupants na mayroon silang karapatang maging kustomer ng Lungsod at hindi sila kakailanganing pagbayarin ng halagang sinisingil sa delinkuwenteng account. Nakasulat din sa paunawa kung ano ang kailangang gawin ng mga occupants para maiwasan ang pagputol, o muling pagbalik ng serbisyo; ang humigit-kumulang na buwanang halaga ng serbisyo; ang titulo, address, at telepono ng kinatawan ng Lungsod na maaaring tumulong sa mga occupant sa pagpapatuloy ng serbisyo; at ang address at telepono ng isang kwalipikadong proyekto ng legal na serbisyo na ini-rekomenda ng local county bar association. Ang mga termino at kondisyon para maging kustomer ng Lungsod ang mga occupant ay nakahayag sa Seksyon 9 sa ibaba ng documentong ito.

4.3 Personal o Paunawa sa Telepono. Magsisikap ang Lungsod na makatwiran at kusang-loob na makipag-ugnay sa kustomer na nakatala o sa isang adultong tao na nakatira sa tirahan ng kustomer sa pamamagitan ng personal na pagbisita sa tirahan o pagtawag sa telepono ng hindi bababa sa pitong (7) araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo. Nakasulat na iaalok ng Lungsod na magbigay ng kopya ng Patakarang ito at pag-usapan ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol sa serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, pati na rin ang posibilidad ng ekstensyon o iba pang kasunduan sa pagbabayad.

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

4.4 Pag-paskil ng Paunawa sa Address ng Serbisyo. Pag nabigong makipa-ugnay ang Lungsod sa kustomer o sa isang adultong tao na nakatira sa address ng serbisyo sa pamamagitan ng personal na pagbisita o pagtawag sa telepono, magsisikap ang Lungsod na mag-iwan ng paunawa ng napipintong pagputol sa serbisyong residensyal at isang kopya ng Patakarang ito sa isang madaling makitang lugar sa address ng serbisyo. Ang paunawa at ang kopya ng Patakarang ito ay iiwanan sa tirahan ng hindi kukulangin sa apatnapu't-walong (48) oras bago putulin ang serbisyo. Ang paunawa ay maglalaman ng:

- (a) Pangalan at address ng kustomer;
- (b) Ang halaga ng delinkuwensya;
- (c) Ang petsa kung kailan dapat bayaran o nagkaroon ng kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol sa serbisyo;
- (d) Ang pamamaraan para makakuha ang kustomer ng impormasyon sa pam-pinansyal na tulong, kung naaangkop; at
- (e) Ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kustomer ng kasunduan sa pagbabayad o ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.5 Mga Kondisyon Kung Kailan Hindi Maaaring Putulin ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

- (a) Habang ini-imbestigahan ng Lungsod ang pagtutol o apela ng kustomer alinsunod sa Seksyon 5.1 sa ibaba; o
- (b) Sa loob ng panahon na ang bayad ng kustomer ay saklaw ng ekstensyon na inaprubahan ng Lungsod, amortization, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 7 sa ibaba, at ang kustomer ay nanatiling tumutugon sa na-aprubahang kasunduan sa pagbabayad.

4.6 Mga Kondisyon Kung Saan ang Serbisyo na Galing sa Master Meter ay Hindi Puputulin. Kung ang tubig ng Lungsod ay galing sa isang master meter na nagsisilbi sa isang gusaling multi-residential, mobile home park, o permanenteng residential structure sa labor camp at ang may-ari, manager, o tagapamaha ng tirahan o parke ay ang kustomer na nakatala, hindi puputulin ng Lungsod ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:

- (a) Pag ang pagkakautang ng kustomer ay utang sa isang ahensyang publiko, o kung ang obligasyon ng delinkuwenteng account o utang ay natamo sa ahensyang publiko na hindi ang water utility ng Lungsod;
- (b) Kung ang delinkuwenteng account ay may kinalaman sa iba pang property na pag-aari, pinamamahalaan o pinatatakbo ng kustomer;
- (c) Kung ang public health o building officer ay nag-sertipika na ang pagputol ng serbisyo ay mapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng mga nakatira o ng publiko.

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

4.7 Espesyal na Kondisyong Medikal at Pam-pinansyal Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo.

- (a) Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay natugon:
 - (i) Ang kustomer, o ang tenant ng kustomer, ay nag-sumite sa Lungsod ng sertipikasyon mula sa isang lisensyadong primary care provider na ang pagputol ng serbisyo ng tubig ay maglalagay sa panganib ng buhay ng, o magdudulot ng seryosong panganib sa kalusugan at kaligtasan ng residente na nakatira sa lugar ng residensyal na serbisyo;
 - (ii) Ipinakita ng kustomer na wala silang kakayahang magbayad sa residensyal na serbisyo sa loob ng normal na billing cycle ng Lungsod. Ituturing ang kustomer na walang kakayahang pinansyal na magbayad sa loob ng normal na billing cycle kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng programa ng tulong (i.e. CalWorks, CalFresh, Medi-Cal, Supplemental Security Income, etc.) o (b) idineklara ng kustomer sa ilalim ng parusa ng perjury na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level; at
 - (iii) Ang kustomer ay sumang-ayon sa alternatibong kasunduan sa pagbabayad ng mga delingkuwenteng singil.
- (b) Sa mga kustomer na natugon ang lahat ng kondisyon sa itaas, iaalok ng Lungsod ang isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Lungsod sa kanyang diskresyon; (1) ekstensyon ng panahon ng pagbabayad; (2) amortization ng balanseng hindi nabayaran; o (3) alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Ang Finance Director ng Lungsod o kinatawan ay pipili ng pinaka-angkop na pag-aayos sa pagbabayad, at isasaalang-alang ang impormasyon at dokumento na ibinigay ng kustomer, pati na rin ang mga pangangailangan ng Lungsod na mabayaran.
- (c) Ang kustomer ay may pananagutang patunayan na ang mga kondisyon sa subsection (a) ay natugon. Pagkatanggap ng dokumentasyon sa kustomer, susuriin ng Lungsod at: (1) ipapaunawa sa kustomer ng alternatibong pag-aayos ng pagbabayad na pinili ng Lungsod at hihingin ang pinirmahang pagsang-ayon ng kustomer na sumali sa alternatibong pagsasaayos; (2) himingi ng karagdagang impormasyon sa kustomer; o (3) ipaalam sa kustomer na hindi nila natugon ang mga kondisyon sa subsection (a).
- (d) Maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang kustomer na pinagkalooban ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng seksyon na ito ay nabigong gawin ang isa sa mga sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw o mahigit pa: (a) bayaran ang kanyang hindi nabayaranang singil sa pinahabang petsa ng pagbayad; (b) bayaran ang anumang amortized na halaga batay sa amortization schedule; (c) bayaran ang anumang halagang nakatakdang bayaran batay sa alternatibong

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY

PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

kasunduan sa pagbabayad; o (d) bayaran ang kasalukuyang singil sa serbisyo ng tubig. Magpa-paskil ang Lungsod ng huling paunawa ng layuning putulin an serbisyo sa isang kapuna-puna at madaling makitang lugar sa service address ng hindi bababa sa limang (5) araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo. Ang pangwakas na pauna ay hindi magbibigay ng karapatan sa kustomer na bigyan ng imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod.

4.8 Oras ng Pagputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa Sabado, Linggo, pista opisyal, o sa anumang panahon na hindi bukas ang opisina ng Lungsod sa publiko.

4.9 Pagbalik ng Serbisyo. Ang mga kustomer na pinutulan ng serbisyo ng tubig ay maaaring makipag-ugnay sa Lungsod sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o personal na pagkikipag-ugnay ukol sa pagbalik ng serbisyo. Ang pagbalik ng serbisyo ay papatawan ng pagbayad sa: (a) anumang halaga na past-due, pati na rin ang mga angkop na interes o multa; (b) singil sa pagbalik ng serbisyo, sakop ng mga limitasyon sa Seksyon 8.1, kung naaangkop; (c) at security deposit, kung kinakailangan ng Lungsod.

5. Pamamaraan sa Pagtutol o Pag-Apela sa Bill na Hindi Tama.

5.1 Oras sa Pagsimula ng Karaingan o Paghiling ng Imbestigasyon. Maaaring magsimula ang kustomer ng karaingan o humingi ng imbestigasyon ng halaga ng bill sa loob ng limang (5) araw pagkatanggap ng tinatalong bill. Sa layunin lamang ng Seksyon 5.1 na ito, ang bill ay ituturing na natanggap ng kustomer limang (5) araw pagpadala sa koreo at kaagad pag ipinadala sa e-mail. Ang kustomer ay maaaring magpasimula ng karaingan o humingi ng imbestigasyon sa pagtawag sa (714) 593-4420 o pag-sumite ng nakasulat na kahilingan at mga sumusuportang dokumento sa Lungsod ng Fountain Valley, 10200 Slater Avenue, Fountain Valley, CA 92708.

5.2 Pagsuri ng Lungsod. Ang napapanahong karaingan o paghingi ng imbestigasyon ay susuriin ng Finance Director o kinatawan, na magbibigay ng nakasulat na desisyon sa kustomer sa loob ng labingapat (14) na araw pagkatanggap ng dispute. Ang pagsusuri ay maglalaman ng pagsasaalang-alang kung maaaring bigyan ang kustomer ng ekstensyon, amortization, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 7. Ang Lungsod ay maaari, sa kanyang diskresyon, na suriin ang hindi makapanahong karaingan o kahihilingan sa imbestigasyon; gayunpaman, ang mga daing o hiling ay hindi maaaring i-apela.

5.3 Apela sa City Manager. Ang sinumang kustomer na ang makapanahong karaingan o kahihilingan sa imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 na ito ay nag-resulta sa salungat na desisyon ay maaaring i-apela ang desisyon ng City Manager sa pamamagitan ng pag-sumite ng nakasulat na paunawa sa City Clerk sa loob ng labingapat (14) na araw ng pagpapadala ng Lungsod ng desisyon. Kung ang apela ay natanggap ng City Clerk sa loob ng labingapat na araw sa petsa ng pagpapadala sa koreo ng sagot, ang apela ay ipadadala sa City Manager. Susuriin ng City Manager ang apela at sulat o ipapadala ang nakasulat na desisyon sa mga apektadong kustomer o kinatawan. Ang desisyon ng City Manager ay pangwakas.

5.4 Responsibilidad ng Kustomer sa Aktuwal ng Paggamit ng Tubig. Ang mga kustomer ay responsable sa lahat ng aktuwal na paggamit ng tubig sa property, pati na ang pagtagas ng tubig. Kasama rin dito ang responsibilidad na magpanatili ng sistema ng patubig sa property at ang sambahayang pagtutubero upang malaman pag nagkaroon ng tagas ang tubig at

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

makapanahong ipaayos ito para mabawasan ang labis na paggamit ng tubig dahil sa pagtagas ng tubig. Gayunpaman, ang mga kustomer ay maaaring maging karapat-dapat sa pagsasaayos ng singil dahil sa pagtagas ng tubig ayon sa nakahayag sa Seksyon 6 sa ibaba ng dokumentong ito.

6. Pag-aayos ng Bill Dahil sa Kawalan ng Tubig

6.1 Ang Kahilingang Isaayos, mga Kinakailangang Dokumento. Kahit na nakahayag sa Seksyon 5.4, pag nakasulat na hiniling ng kustomer, maaaring bawasan ng Lungsod ang bill ng customer kung mayroong kawalan ng tubig dahil sa mga pangyayaring wala sa kanyang kontrol, tulad ng sirang mekanikal, walang kaalamang pagtagas ng tubig, pagnanakaw ng tubig paninira, hindi maipaliwanag na pagkawala ng tubig o iba pang hindi pangkaraniwan o kondisyong emerhensiya. Ang mga pagsasaayos ay hindi gagawin para sa mga butas ng gripo. Ang kahilingan ng kustomer ay kailangang suportahan ng mga repair bills o iba pang mga nararapat na dokumento. Ang Seksyon 6 na ito ay lumalapat sa kapwa residensyal at hindi residensyal na mga account ng Lungsod.

6.2 Pagpasya ng Lungsod. Ang pagpapasiya kung ipinagkaloob ang isang pagsasaayos ay gagawin ayon lamang sa diskresyon ng Finance Director ng Lungsod o ng kanyang kinatawan; ang desisyon ay magiging pangwakas at hindi na maaaring i-apela. Sa paggawa ng pagpapasiya, ang Lungsod ay maaaring isaalang-alang ang sanhi ng pagkawala ng tubig, ang pagkakataon ng kustomer, kung mayroon man, na makita ito, anumang kapabayaang kasalanan ng kustomer na may kaugnayan dito, at ang kaagaran kung kailang natuklasan ang pagkawala ng tubig, huminto at ipinagawa lahat ang sira. Upang maging karapat-dapat ang kustomer sa pagaayos, isasaalang-alang ang mga sumusunod na dahilan pagkatapos ng imbestigasyon:

- (a) Walang ebidensya na ang labis na paggamit ay dahil sa intensyonal o kapabayaang kilos ng kustomer, o hindi pagtugon ng kustomer sa mga warning signs tulad ng mas mataas na bills ng tubig at/o sewer, mga abiso ng pagtaas, tubig na nakikita, o iba pang mga kadahilanan na dapat na gumawa ng makatwirang kamalayan sa kustomer ng pagkakaroon ng tagas;
- (b) Walang third party na responsable sa kawalan ng tubig sa property ng kustomer ang maaaring habulin ng kustomer para isauli ang kanilang mga nagasta;
- (c) Pagkatapos nabigyan ng paunawa ng Lungsod sa pamamagitan ng madalas na pagsingil ng bill, door hanger, o iba pang mga paraan, gumawa ang kustomer ng makapanahon at makatwirang aksyon para siguruhin ang sanhi ng labis-labis na paggamit at ipaayos ito; at
- (d) Gumawa kaagad ang kustomer ng aksyon para ipaayos pag nakita niya o ipinaalam sa kanya ang pagtagas ng tubig, at binigyan ang Lungsod ng kasiya-siyang ebidensya na ang tagas ay naayos na (kopya ng repair service bill, etc.).

6.3 Pagkalkula ng Halaga ng Pagsasaayos. Kung ipinagkaloob, ang pagsasaayos ng bill ng kustomer ay kakalkulahin tulad ng mga sumusunod:

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY

PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

- (a) Ang halaga ng labis na gastos ay malalaman sa pamamagitan ng pagkuha ng diperensyang halaga ng kabuuang gastos ng serbisyo ng utility ng naturang bill at babawasin ang buong halaga ng serbisyo ng utility sa billing period sa panahon ng nakalipas na pinakahuling bill.
- (b) Ang kustomer ay may pananagutang bayaran ang kalahating halaga ng singil na kinalkula sa subsection (a). Ibibigay ng Lungsod sa account ng kustomer ang kalahati ng halaga; gayunpaman, hindi magbibigay ang Lungsod, sa ilalim ng anumang mga kalagayan, ng halagang labis sa \$300.

6.4 Mga Karagdagang Kondisyon.

- (a) Ang pagsasaayos ng bill dahil sa pagtagas ng tubig ay limitado sa isang pagaayos bawat limang taon. Ang panahon ng limang-taon ay magsisimula sa katapusan ng nakalipas na billing period kung saan ang pagaayos dahil sa pagtagas ng tubig ay ipinagkaloob.

7. **Mga Ekstensyon at Iba Pang Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad.**

7.1 Panahon sa Paghiling ng Ekstensyon o Iba pang Alternatibong Kasunduan sa Pagbababayad. Kapag hindi nagbayad ng bill ang kustomer sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad, maaaring himiling ng ekstensyon o iba pang alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa ilalim nitong Seksyon 7. Kung nag-sumite ang kustomer ng kanyang kahilingan sa loob ng labingtatlong (13) araw na pagpadala ng Lungsod ng nakasulat na paunawa ng pagputol ng serbisyo, ang kahilingan ay susuriin ng Finance Director o tagapangasiwa. Sa kanyang nag-iisang diskresyon, ang Finance Director o tagapangasiwa ay maaaring isaalang-alang ang paghiling ng ekstensyon o iba pang alternatibong kasunduan sa pagbabayad na nakalarawan sa Seksyon 7 na ito bago o pagkalampas ng labingtatlong (13) araw na panahon na itinuring sa Seksyon 7 na ito. Ang mga desisyon ng Lungsod ukol sa ekstensyon at iba pang mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay pangwakas at hindi napapailalim sa apela sa City Manager. Bilang paghikayat sa pagpasok sa isang kasunduan sa pagbabayad, o para sa iba pang layunin na nakikinabang sa Lungsod, ang Finance Director ng Lungsod o kinatawan ay maaaring, sa kanya lamang paghuhusga, alisin ang isa o mahigit pang singil na ipinataw sa account.

7.2 Ekstensyon. Pag inaprubahan ng Lungsod, ang bayad ng kustomer ng kanyang balanseng hindi nabayaran ay maaaring pansamantalang pahabain ang panahon ng hindi hihigit sa anim (6) na buwan sa orihinal na nakatakdang petsa ng pagbabayad. Ang Finance Director ng Lungsod o tagapangasiwa ay magpapasya, sa kanyang nag-iisang paghuhusga, kung gaano katagal ang ekstensyon na ibibigay sa kustomer. Nararapat na bayaran ng kustomer ang buong hindi bayad na balanse sa petsa na itinakda ng Lungsod at manatiling agarang magbayad ng lahat ng kanyang singil sa serbisyo ng tubig sa mga sumusunod na billing period.

7.3 Amortization. Pag inaprubahan ng Lungsod, ang bayad ng kustomer sa kanyang balanseng hindi nabayaran ay maaaring i-amortize sa panahon na hindi hihigit sa labindalawang (12) buwan, batay sa desisyon ng Finance Director ng Lungsod o tagapangasiwa, ayon sa kanyang diskresyon. Pag inaprubahan ang amortization, ang balanseng hindi nabayaran ay hahatiin ng bilang ng buwan sa loob ng panahon ng amortization, at ang halaga ay idadagdag sa buwanang bill ng kustomer sa serbisyo ng tubig hanggang buong mabayaran. Sa panahon ng amortization, kailangang makapanahong magbayad ang kustomer ng lahat ng kanyang singil sa serbisyo ng tubig na naipon sa mga sumusunod na. Batay lamang sa sariling paghuhusga ng

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

Finance Director ng Lungsod o tagapangasiwa, isang panahon ng amortization na mas mahaba sa labindalawang (12) buwan ay maaaring ibigay para maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap base sa kalagayan ng indibidwal na kaso.

7.4 Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad. Pag inaprubahan ng Lungsod, maaaring bayaran ng kustomer ang kanyang balanseng hindi nabayaran alinsunod sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi mahigit sa labindalawang (12) buwan, ayon sa desisyon ng Finance Director ng Lungsod o tagapangasiwa, sa kanyang nag-iisang paghuhusga. Kung na-aprubahan, an alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay maaaring magbigay ng pana-panahong bayad na lump-sum na hindi kasabay ng itinakdang petsa sa pagbabayad ng Lungsod o maaaring magbayad nang higit o mas madalas kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad na itinakda ng Lungsod. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat manaitili ang kustomer sa napapanahong pagbabayad ng lahat ng singil sa serbisyo ng tubig na naipon sa mga sumusunod na billing periods.

7.5 Kabiguang Sumunod. Maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang kustomer na pinagkalooban ng kasunduan sa pagbabayad sa ilalim nitong Seksyon 7 ay hindi nagbayad ng singil sa takdang petsa alinsunod sa kasunduan ng pagbabayad, at hindi kukulangin sa animnapung (60) araw ang nakalipas mula sa pagiging delingkuwensiya ng orihinal na bill. Sa ilalim ng gayong mga pangyayari, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo pagka-paskil ng isa lamang na paunawang pangwakas ng napipintong pagputol ng serbisyo (final notice of intent to disconnect service) sa isang lugar na kapansin-pansin at madaling makita sa service address ng hindi kukulangin sa limang (5) araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo. Ang pangwakas na paunawa ay hindi magbibigay sa kustomer ng karapatan na imbestigahan o suriin ng Lungsod.

8. Mga Tiyak na Programa para sa mga Kustomer na Mababa ang Kita.

8.1 Mga Limitasyon ng Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo at Pagtanggap ng Interes. Sa mga kustomer na residensyal na nagpatunay sa Lungsod ng sambahayang kita na mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line, lilimitahan ng Lungsod ang singil sa pagbabalik ng serbisyo sa normal na oras ng trabaho sa limampung dolyar (\$50), at sa labas ng oras ng trabaho sa isang daan at limampung dolyar (\$150). Ang limitasyon ay angkop lamang kung ang singil ng Lungsod sa pagbabalik ng serbisyo ay talagang ma higit sa mga halagang ito. Ang mga naturang limits ay sumasailalim sa taunang pagsasaayos sa mga pagbabago sa "Bureau of Labor Statistics' Consumer Price Index for All Urban Consumers" (CPI-U) simula sa ika-1 ng Enero 2021.

8.2 Kwalipikasyon. Ituturing ng Lungsod na ang kustomer na residensyal ay may sambahayang kitang mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line kung: sinumang miyembro ng sambahayang ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng programa ng tulong (i.e. CalWorks, CalFresh, Medi-Cal, Supplemental Security Income, etc.) o (b) ang customer ay nagpahayag sa ilalim ng parusa ng perjury na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level.

9. Pamamaraan Kung Paano Maging Kustomer ng Lungsod ang mga Nakatira o Nangungupahan.

9.1 Kakayahang Magamit. Ang Seksyon 9 na ito ay magagamit lamang kung ang may-ari ng property, landlord, manager, o tagapamahala ng address ng residensyal na serbisyo ay nakalista na siya ang nakatalang kustomer at ang nakatalang kustomer ay hindi ang residente

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

na gumagamit ng tubig sa property at nabigyan ng paunawa ng napipintong pagputol ng serbsiyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

9.2 Pagsang-ayon sa mga Termino ng Lungsod at Kondisyon ng Serbisyo. Gagawing ng Lungsod na magbigay ng serbisyo sa mga aktuwal na residensyal na occupants kung ang bawat occupant ay sumang-ayon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo para maging kustomer ng Lungsod at natugon ang mga kinakailangan ng mga patakaran at regulasyon ng Lungsod. Gayunpaman, kung ang isa o mahigit na occupant ay sumang-ayon at kayang panagutan ang mga sumusunod na singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung may pparaang pisikal, na legal na magagamit ng Lungsod, na ipasyang putulin ang serbisyo ng mga napiling occupants na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng patakaran at regulasyon ng Lungsod, bibigyan ng Lungsod ng serbisyo ang mga occupant na nakatugon sa mga naturang kinakailangan.

9.3 Pagpapatunay ng Pangungupahan. Para maging karapat-dapat na maging kustomer na hindi kinailangang magbayad ng delinkuwenteng singil sa account, dapat patunayan ng occupant na ang kustomer ng delinkuwenteng account ay ang landlord, manager, o ahente ng tirahan. Maaaring isama sa pagpapatunay ang, ngunit hindi limitado sa, lease o rental agreement, mga resibo ng upa, isang dokumento ng guberno na nagpapakita na ang occupant ay nangungupahan sa property, o impormasyon na ipinakita alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code, at sa diskresyon ng Lungsod.

9.4 Mga Paraan sa Pagtatag ng Kredito. Kung ang nakaraang serbisyo sa isang tagalong panahon ay kondisyon para magtatag ng kredito sa Lungsod, ang tirahan at katunayan ng maagarang pagbayad ng upa sa naturang panahon ay kasiya-siyang patunay.

9.5 Mga Bawas sa Bayad sa Upa. Alinsunod sa Public Utilities Code Seksyon 10009.1(d), ang sinumang occupant na naging kustomer ng Lungsod alinsunod sa Seksyon 9 na ito at ang mga pana-panahong pagbabayad, tulad ng bayad sa upa, ay may kasamang bayad sa residensyal na serbisyo ng tubig, kung saan ang mga naturang bayad ay hindi nakahiwalay, ay maaaring ibawas sa pana-panahong pagbabayad ang lahat ng makatwirang halaga na binayaran ng occupant sa Lungsod para sa residensyal na serbisyo ng tubig sa nakalipas na panahon ng pagbabayad. Ang layunin ng subsection na ito ay para lamang magpahayag ng umiiral na batas sa ilalim ng Public Utilities Code Section 10009.1(d); hindi ito nagtatag ng iba pang hiwalay na legal na karapatan o mga tungkulin ng landlord sa mga tenant at ito ay hindi maipapatupad ng Lungsod.

10. **Third Party Notification Service para sa mga Seniors at Dependent Adults.** Ang Lungsod ay maaaring magpagamit sa mga residensyal na kustomer no 65 taong gulang o mas matanda, o sa mga dependent adults (ayon sa tinuko ng Welfare and Institutions Code Section 15610(b)(1)), isang third-party notification service kung saan ang Lungsod at magtatangkang bigyan na paunawa ang taong itinalagan ng kustomer na tumanggap ng paunawa kung ang account ng kustomer ay lampas na ang petsa ng pagbabayad at nasa ilalim na ng napipintong pagputol ng serbisyo. Ang notipikasyon ay maglalaman ng impormasyon na kinakailangan para maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Ipapadala ng Lungsod ang notipikasyon sa pamapagitan ng koreo sa itinalagang third party ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyo. Para makibahagi, dapat mag-sumite ang kustomer ng kahilingan sa paggamit ng third party notification sa pamamagitan ng pagsulat sa email sa Finance Director ng Lungsod o tagapangasiwa. Ang notification service ay hindi magpapatong ng obligasyon sa third party na magbayad ng singil na overdue, at hindi rin ito pipigil o patatagalin ang pagputol ng serbisyo.

LUNGSOD NG FOUNTAIN VALLEY
PATAKARAN SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

11. **Wika para sa Ilang Nakasulat na Paunawa.** Lahat ng nakasulat na paunawa sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 7.5 ng Patakarang ito ay isusulat sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at iba pang lengguwahe na ginagamit ng sampung porsiyento (10%) o mahigit pang mga tao sa loob ng lugar ng serbisyo ng Lungsod.
12. **Iba pang mga Remedyo.** Karagdagan sa pagputol ng serbisyo ng tubig, maaari pang ituloy ng Lungsod ng iba pang mga remedyo na magagamit sa batas o katarungan dahil sa hindi pagbabayad ng serbisyo ng tubig, kabilang na rin, pero hindi limitado sa: pagkuha ng mga delingkuwenteng halaga sa pamamagitan ng pagpataw ng lien sa ari-arian, pagdemanda o legal na aksyon, o pagtalaga ng mga hindi nabayaran halaga sa pangongolekta.
13. **Pagputol ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Ibang Paglabag ng Kustomer.** May karapatan ang Lungsod na putulin ang serbisyo ng tubig dahil sa paglabag sa anumang ordinansya, panuntunan, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbabayad.
14. **Mga Natamong Bayarin at Singil.** Maliban na lang kung malinaw na nakahayag sa Patakarang ito, ang mga bayarin at singil na natamo ng kustomer sa ilalim ng anumang panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Lungsod, kabilang din, ngunit hindi limitado sa, mga delingkuwenteng singil, ay kailangan at nakatakdang bayaran ayon sa ipinahayag dito/
15. **Mga Desisyon ng Tauhan ng Lungsod.** Ang anumang desisyon ng Finance Director ng Lungsod sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring ipatupad ng kanyang tagapangasiwa.